# Balitang Manmin

BILANG 136 HULYO 19, 2015


# "Binago Ako ng Tubig ng Buhay"

## Ginigising ng Salita ng Buhay ang Napakaraming Tao sa Mundo




Ipinapangaral ni Dr. Jaerock Lee (gitna) ang mga mensaheng puno ng buhay na tumutulong sa mga tao na tanggapin ang Panginoon para maligtas. Ibinabahagi ang Salita ng Buhay sa buong mundo sa pamamagitan ng mga libro na naisalin sa 60 wika, sa GCN, sa MIS (Manmin International Seminary), at mga seminar para sa mga pastor. Nagbibigay ito ng pagbabago, buhay, mga kasagutan, mga biyaya, at tunay na kaligayahan sa maraming tao at mga pastor.

Habang kausap ni Jesus ang babaing Samaritana sa may balon para umigib ng tubig, sinabi Niya dito, "Ang bawat uminom ng tubig na ito ay muling mauuhaw, subalit ang sinumang umiinom ng tubig na Aking ibibigay ay hindi na mauuhaw magpakailanman. Ang tubig na Aking ibibigay sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig tungo sa buhay na walang hanggan" (Juan 4:13-14).

Pinapawi ng tubig ang uhaw natin, pero pansamantala lang ito. Pero ang espirituwal na tubig na ibinibigay sa atin ng Panginoon – ang Salita ng Diyos – ay bumabago sa mga kaluluwa natin at nagbibigay sa atin ng buhay na walang hanggan. Tulad ng Salita ng Diyos na parang bukal na nagpapatuloy sa pagdaloy, walang katapusang kagalakan ang mararanasan ng puso natin kung matututo tayong ito ay isabuhay.

Nararanasan ng 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya ng Manmin ang kagalakan sa puso. Sinabi ni Diakonesa Titikan Bunsom ng Chiang Rai Manmin Church sa Thailand (40 taong gulang), "Binabago ng mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga tao. Magagalitin ako dati, pero ngayon, naiwaksi ko na ang galit mula sa puso ko. Nasisiyahan dati sa kamunduhan ang asawa ko, maaasahan na siya ngayon ng pamilya at naglilingkod siya sa mga miyembro ng iglesya. Sugapa dati ang anak ko sa paglalaro sa internet, pero huminto na siya. Nag-aaral na siyang mabuti ngayon, wala na akong alalahanin."

Sinabi ni Kapatid Yohanna Mendez ng Colombia Manmin Church (35 taong gulang), "Habang pinapakinggan ko ang sermon ni Dr. Lee na 'To Please God' (Magbigay Lugod sa Diyos), natanto ko na papunta ako sa Impiyerno dahil sa matitindi kong kasalanan. Lubos kong pinagsisihan ang mga ito. Nagpapasalamat ako sa pagpapala ng Diyos na nagbigay sa akin ng espiritu ng pagsisisi. May galak na sa buhay ko ngayon, at may buhay na walang hanggan ako sa Langit."

Ayon kay Kapatid Wijei (18 taong gulang), ng Chennai Manmin Church, "Tumanggap ako ng maraming pagpapala mula sa mensahe ni Dr. Lee. Huminto na ako sa paglalasing at paninigarilyo. Naiwaksi ko na rin ang galit mula sa puso ko. Naibahagi na din ang ebanghelyo sa mga miyembro ng pamilya ko at natanggap ako sa kolehiyo."

Mula kay Kapatid Sungae Kim (23 taong gulang), "Isang araw, nabalitaan ko na tinanggal ako sa trabaho. Pagkatapos ng pangyayaring ito, pinakinggan ko ang sermon na may titulong 'Whole Tithe and Offerings' (Buong Ikapu at Kaloob). Nagbibigay ako, pero hindi buong ikapu. Dahil natanto ko ito, nagbigay ako ng ikapu na tatlong beses na mas malaki sa halagang hindi ko ibinigay. Natanggap ako sa mas magandang kumpanya!"

Gabay natin ang Salita ng Buhay patungo sa kaligtasan, susi ito sa kalutasan ng mga problema, gabay ito para sa tamang pamumuhay ng isang Cristiano. Maliwanag na nauunawaan ng mga miyembro ng Manmin ang kalooban ng Diyos dahil sa Salita ng Buhay. Mabilis ang paglago ng pananampalataya nila dahil sa pagsunod nila dito.

Bukod dito, ginising ng malalim na espirituwal na mensahe ni Dr. Lee ang mga pastor na nag-aakalang marami na silang nalalaman tungkol sa Biblia.

Sa seminar para sa mga pastor na ginawa sa Dubai para sa taong ito, pinakinggan ni John Masraj ang 'The Message of the Cross' (Ang Mensahe ng Krus). Sinabi niya, "Hinaplos ng bawat salita ng mensahe ang mga puso namin. Namangha ako sa malinaw na paliwanag tungkol sa Biblia."

Sinabi ni Pastor Arnold Kiprotich ng Kenya, "Pinalakas ako ng mga mensaheng natutuhan ko sa Manmin International Bible Collage. Magmula noon, muling sumigla ang iglesya ko. Noong magsimula kami, 18 lang ang bilang ng miyembro ko, pero ngayon may 470 miyembro na ito."

Tinanggap ng Punong Pastor Dr. Lee ang Salita ng Buhay na may inspirasyon ng Banal na Espiritu mula sa napakaraming pananalangin at pag-aayuno. Hindi mabilang ang nabibigyan ng buhay ng Salita. Iba't ibang serye ng mga sermon ang makikita sa website ng iglesya www.manmin.org, tulad ng: Ang Mensahe ng Krus, The Measure of Faith, Heaven, Hell, Nine Fruits of the Holy Spirit, Beatitudes, Love Chapter, at Lectures on Genesis, Leviticus, Job, John, 1 Corinthians, at Revelation.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# "Nilabag Nila ang Tipan"

"At sinabi ng PANGINOON kay Josue, 'Tumayo ka! Bakit ka nagpapatirapa ng ganito? Ang Israel ay nagkasala at nilabag nila ang tipan na Aking iniutos sa kanila…'" (Josue 7:10-11)

●●●

Nagtungo si Josue at ang mga Israelita sa lunsod ng Ai pagkatapos nilang masakop ang lunsod ng Jerico. Mas maliit ang lunsod na ito kaysa sa Jerico. Inakala nila, madaling magtagumpay laban dito, pero natalo sila. Pag-aralan natin ang dahilan kung bakit hindi sila nagtagumpay. Ano ang matututuhan natin sa pangyayaring iyon?

### 1. Hindi sila nagtagumpay sa Ai dahil sa kasalanan ni Acan

Maraming namatay na mga Israelita sa labanan sa Ai, hindi nila nasakop ang maliit na lunsod na ito. Nabigla si Josue sa pangyayari. Pinunit niya ang kanyang suot at nagpatirapa sa lupa sa harapan ng kaban ng PANGINOON hanggang sa kinahapunan, kasama niya ang matatanda ng Israel; nilagyan nila ng alikabok ang ulo nila at nagmakaawa sa Diyos (Josue 7:6-9).

Sinabi ng Diyos kay Josue ang dahilan ng pagkatalo ng Israel. Iniutos Niyang ihandog ng mga Israelita sa Kanya ang lahat ng makukuha sa Jerico, ang unang lunsod na sinsakop nila. Pero may isang anak si Israel na lumabag sa utos (Josue 7:10-12).

Ang ibig sabihin ng Diyos ay tinalikuran niya ang Israel hanggang malutas ng mga ito ang problema. Hindi sinabi ng Diyos kung sino ang mismong taong lumabag, pero sinabi Niyang mahahanap ito kung iisa-isahin ang bawat tribo, angkan, at sambahayan. Ipinarating ni Josue ang utos ng Diyos sa mga mamamayan at sinabi sa kanila na magpakabanal (Josue 7:13-15).

Kinabukasan, pumili sila mula sa lahat ng tribo ng Israel, at napili ang tribo ni Juda. Pagkatapos, napili ang angkan ni Zeraita, at mula dito, pinili ang mga lalaki ng Zabdi. Sa bandang huli, napili si Acan mula sa mga lalaking ito (Josue 7:16-18).

Dahil sa prosesong itinuro ng Diyos, natukoy ang isang lalaking si Acan na nagmula sa tribo ni Juda na siyang nagkasala. Kinuha ni Acan para sa sarili niya ang isang magandang balabal, dalawang daang siklong pilak, at isang barang ginto na may bigat na limampung siklo. Ibinaon niya ito sa lupa sa loob ng kanyang tolda. Dahil sa kasalanan ng isang tao, tinalikuran ng Diyos ang buong Israel.

Sinasabi ng huling bahagi ng Eclesiastes 9:18, "…sumisira ng maraming kabutihan ang isang makasalanan." Dahil dito, hindi nagtagumpay ang Israel sa laban sa Ai.

Nais ng Diyos ang ganap na pagpapabanal ng buong Israel at ang kanilang perpektong pagsunod. Pero nagkasala ang isang tao, nasira ang tipan sa Diyos, at nagkaroon ng nakakatakot na resulta.

### 2. Nasakop ang lunsod ng Ai

Sa mga sumunod na talata ng Josue 7:24, sinabi ni Josue na dalhin si Acan pati ang pilak, balabal, at barang ginto na ninakaw niya, pati ang pamilya niya, mga hayop, at lahat ng kanyang mga ari-arian sa libis ng Acor. Doon sila binato ng buong bayan ng Israel, sinunog sila. Nagkaroon ng isang malaking bunton ng mga bato. Nang malutas ng Israel ang problema tungkol sa kasalanan, detalyadong sinabi ng Diyos sa kanila kung paano lulusubin ang lunsod ng Ai.

Ang paraan na ibinigay ng Diyos sa Israel ay magkunwaring natatalo, umatras habang lumalaban para mapilitang lumabas ang kalaban sa lunsod ng Ai sa pagtugis sa kanila. Habang nangyayari ito, may mga nakatago at nakaabang na mga sundalong Israelita sa malapit, papasukin nila ang lunsod, sasakupin ito, at susunugin. Nilusob ng dalawang grupo ng sundalo ang Ai, winasak nila ito ng lubos (Josue 8:1-7).

Sinunod ni Josue ang Salita ng Diyos. May mga sundalong naghintay bago lumusob at namuno si Josue sa isa pang grupo ng mga sundalo na umatake. Pero hindi nagtagal umatras sila. Dahil nanalo na minsan sa labanan ang Ai, hindi sila naging maingat, tinugis nila ang umaatras na mga sundalong Israelita sa nakabukas na pintuan ng lunsod. Nang sandaling iyon pinasok ng mga sundalong nakaabang ang pintuan. Mabilis nilang nasakop ang lunsod na walang bantay. Isang malaking tagumpay ang nakamit nila (Josue 8:10-29).

### 3. Ang Mapapait na Aral na Natutuhan mula sa Labanan sa Ai

#### 1) Dapat nating alamin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay

Hindi sana nila inisip, "Sapat na ang dalawa hanggang tatlong daang sundalo dahil maliit lang ang lunsod" (Josue 7:2-4). Tinanong sana nila sa Diyos kung ano ang gagawin.

Dahil nasakop nila ang matatag na lunsod ng Jerico, naging maingat pa rin sana sila sa pagsakop sa lunsod ng Ai. Hindi sana nila ginamit ang sariling lakas. Dapat nilang hingin sa Diyos ang kapangyarihan ng may mapagkumbabang kalooban at isipan hanggang sa masakop nila ang lahat ng lupain sa Canaan.

Pakinggan muna natin ang tinig ng Banal na Espiritu. Napakahalaga nito sa pagpaplano natin para sa tahanan, negosyo, at lugar ng hanapbuhay at pagsisikap nating matupad ang mga planong ito. Hilingin natin ang paggabay Niya sa pananalangin ng maalab para malaman ang kalooban ng Diyos.

#### 2) Dapat nating lubos na iwaksi ang mga kasalanan at kasamaan, magpakabanal

Natalo ang Israel sa Ai noong unang labanan dahil hindi sila sinamahan ng Diyos. Ito'y dahil nagkasala si Acan. Nang tanggalin nila ang kasalanang ito mula sa Israel, sa tulong ng Diyos, nanalo sila.

Matatanto natin dito na kung iwawaksi natin ang kasalanan at kasamaan, matapang tayong makakalapit sa Diyos para magpatulong. Kung itatago ng isang tao ang kasalanan niya, o kung magpapanggap itong banal pero puno ng kasamaan ang puso, walang maiitago sa Diyos, tatalikuran Niya ang taong tulad nito.

Mababasa sa Juan 8:29, "At Siya na nagsugo sa Akin ay kasama Ko; hindi Niya Ako pinabayaang nag-iisa, sapagkat lagi Kong ginagawa ang mga bagay na nakalulugod sa Kanya." Naisulat, kasama natin ang Diyos kapag tinatanggal natin ang mga kasamaan at kasalanan mula sa puso natin at kung isinasabuhay natin ang Salita Niya. Niloloob Niyang maging mabuti ang lahat ng bagay para sa atin at nagpapakita Siya ng pruweba na kasama natin Siya.

### 4. Binasa ang Kautusan sa Bundok ng Gerizim at Bundok ng Ebal

Mula sa Josue 8:30 mababasa natin na hindi lang nagpatuloy ang pagsakop ni Josue sa buong Canaan, nagtayo pa siya at ang mga mamamayan ng dambana para sa Diyos. Dahil nakaranas sila ng pagkatalo dahil sa kasalanan ni Acan, inisip ni Josue na dapat uling matutuhan ng mga tao ang mga Utos ng Diyos na dinala sa kanila ni Moises.

Sa kalagitnaan ng Lupain ng Canaan, mayroong dalawang bundok, Gerizim at Ebal. Itinayo ni Josue ang dambana, hinati niya ang bansang Israel sa dalawang grupo. Pinatayo niya ang isang grupo sa harapan ng Bundok ng Gerizim at ang isang grupo ay sa harapan ng Bundok ng Ebal. Binasa ng malakas ng mga Levita ang mga Utos ng Diyos sa mga tao. Nang basahin ang basbas, sumagot ng 'Amen' ang mga tribo na nakatayo sa harapan ng Bundok ng Gerizim. At nang ang mga sumpa, sumagot ng 'Amen' ang mga tribo na nasa harapan ng Bundok ng Ebal (Deuteronomio 27:12-13).

Inaalala marahil ng mga dumalo ng taimtim na pagdiriwang na ito ang mga utos ng Diyos. Hindi nila lalabagin ito 'hanggang kamatayan.' Naranasan nila kung anong mga biyaya at sumpa ang makukuha nila ayon sa pagsunod at paglabag nila ng Salita ng Diyos dahil sa pagkatalo nila sa Ai.

Maraming beses itinuro ni Moises ang Salita ng Diyos sa kanila, uulitin ito ni Josue. Niloob ng Diyos na punuin ng matinding damdamin ang mga kaganapan ngayon, kaya itatanim na ng mga mamamayan ang mga Utos sa kaibuturan ng mga puso nila.

Kahit natutuhan na nila nang paulit-ulit ang Kautusan ng Diyos, tumalikod pa rin sila sa Diyos at gumawa pa rin ng kasalanan. Dahil dito, nagdusa sila sa taggutom, sa labanan, at pagsawata ng ibang mga bansa.

Paulit-ulit silang nagsisisi at lumalapit sa Diyos kapag nahihirapan, pero kapag mapayapa na ang lahat, lalabagin ulit nila ang Utos. Hindi sapilitang pagtitiwala ang nais ng Diyos sa mga tunay na anak Niya para lang matakasan ang mga pagdurusa at kalamidad. Nais Niya ng mga tunay na anak na nakakaunawa ng damdamin Niya, sumusunod sa mga utos Niya nang may kagalakan at pagpapasalamat sa pag-ibig Niya. Mga anak na tumutulad sa Kanya.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay iukit ninyo ang Salita ng Diyos sa mga puso ninyo, sundin ninyo Siya, at maging mga tunay na anak Niya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)


"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Kababalaghan, Kapangyarihan sa Kalikasan

Ang kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha ay hindi lang sa pagpapagaling ng mga karamdaman ng tao, may awtoridad din ito sa kalikasan. Pinatahimik ni Jesus ang malakas na hangin at alon ng matinding bagyo (Marcos 4:37-39).
Pinatigil ang ulan ng panalangin ni Elias sa loob ng tatlo't kalahating taon, pagkatapos, muli siyang humiling ng ulan (1 Mga Hari 17-18; Santiago 5:16-18). Nangyayari pa rin ang mga ito ngayon.


## Makaligtas mula sa mga kapahamakan na dala ng kalikasan tulad ng bagyo at unos



Pagkatapos ipahayag ni Dr. Lee ang pananampalataya sa isang panayam sa mga mamamahayag sa Manila, biglang nagbago ng direksyon ang bagyong Labuyo (Lekima).



Humina ang unos na tinawag na Irene pagkatapos manalangin ni Dr. Lee



Humiling ng panalangin si Dr. Irene Jacovou kay Dr. Lee noong Enero 11 dahil sa posibleng kalamidad na idudulot ng matinding pagbaha. Pgkatapos ng panalangin, ang baha ay mas mababa kaysa sa naibalita (Enero 13, BBC).

▶ Noong Setyembre 2001, nakatakdang idaos ang krusada ni Dr. Jaerock Lee sa Pilipinas, gagawin ito sa Luneta Park. May dalawang bagyong paparating sa Pilipinas sa petsa ng krusada. Sa panayam na ginawa para sa mga mamamahayag, sinabi ni Dr. Lee na nagtitiwala siya sa Diyos na Siyang nagdala sa kanya sa Pilipinas, matagumpay na maidadaos ang krusada, walang kahit na anong problema. Nangyari kung ano ang sinabi, naging matagumpay ang krusada, malamig ang simoy ng hangin at hindi umulan.


▶ Noong Agosto 2011, nagbanta sa gitnang-Atlantic coast ang unos na tinawag na Irene. Sinabi sa ulat na magdadala ito ng malawak na pinsala pagdating ng Linggo, Agosto 28. Hiniling kay Dr. Lee ng mga pastor ng mga sangay na iglesya ng Manmin sa New York City, New Jersey, at Washington DC na ipanalangin ang bagay na ito. Habang nasa Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes, idinalangin ni Dr. Lee na mawala ang unos hanggang ika-3:05 ng madaling araw, Sabado, Agosto 27 sa Korea; ito ay Agosto 26, araw ng Biyernes, ika-14:05 ng hapon sa New York.

Ilang minuto bago ito ipanalangin ni Dr. Lee, sa ganap na 14:00 ng hapon, Biyernes, pinakiusapan ni Mayor Michael Bloomberg ng New York City ang mga tao na magsilikas mula sa lunsod. Ngayon lang siya nakiusap ng ganito. Pero pagkatapos manalangin ni Dr. Lee, ang unos ay nagsimulang humina. Pagdating ng Linggo, bago ito makarating sa New York, naging mahinang bagyo na lang ito.

▶ INoong Enero 2011, umapaw ang Brisbane River, binahaan nito ang mabababang lugar sa Australia. Ibinalitang magkakaroon ng mga malalang problema sa loob ng 24 oras tulad ng pagtaas ng tubig baha, at pag-apaw ng tubig sa imbakan. Noong Enero 11, humiling ng panalangin ni Dr. Lee ang WCDN (World Christian Doctors' Network) sa Australia. Noong Enero 13, dahil sa panalangin, kaunting pagbaha lang ang nangyari kumpara sa naibalita.

## Naipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa malakas na ulan

▶ Noong Agosto 2013, idinaos ni Dr. Lee sa labas ng gusali ang seminar ng Manmin para sa retreat sa tag-init. Nagsimula ito ng ika-7:30 ng gabi, pero noong ika-7:40 ng gabi, nagsimulang umulan ng malakas. Hiniling ni Dr. Lee sa panalangin na huminto ang ulan. Iniutos niya sa pangalan ni Jesu-Cristo, "Ulan, huminto ka!" Napawi ang makapal at maitim na ulap na nagdala ng ulan. Huminto ang ulan, nawala ang mga ulap at naglabasan ang mga bituin.









▶ Noong Oktubre 2002, nagkaroon ng matinding tag-tuyot sa India. Ito ay isa sa pinakamatindi sa kasaysayan nila. Hindi umulan sa loob ng siyam na buwan.

Noong Oktubre 8, dumating si Dr. Lee sa India para magdaos ng krusada ng pagkakaisa para sa taong 2002. Lumapag ang eroplano sa Chennai Airport. Pagkatapos ng panayam sa mga mamamahayag, nagsimulang umulan ng malakas.


Ang krusada ng pagkakaisa sa India noong taong 2002 ay dinaluhan ng mahigit sa tatlong milyong tao. Habang isinasagawa ang krusada, nagtapos ang matinding tag-tuyot. Maraming tao ang gumaling at naging Cristiano.

Kumukuha ng tubig ang Chennai mula sa Karnataka, isang lunsod sa malapit, pero sinabi nito na hindi na sila magbibigay ng tubig. Nakatakdang magsagawa ng protesta ang buong lunsod ng Chennai laban sa gobyerno dahil a problema sa tubig sa Oktubre 9. Pero habang nasa India si Dr. Lee sa loob ng isang linggo, napakadalas ng pag-ulan, marami silang naimbak na tubig.

Noong Oktubre 12, ikatlong araw ng krusada, may nangyaring hindi inaasahan. Biglang may napakalakas na hangin at malakas na ulan habang nagsesermon si Dr. Lee. Kumidlat at kumulog pa. Pinakiusapan ni Dr. Lee ang mga dumalo na huwag matakot sa ulan, magpakita sila ng pananampalataya sa Diyos. Sinabi pa niya na may gagawing napakalaking bagay para sa kanila ang Diyos. Nagpatuloy siya sa pangangaral sa gitna ng malakas na ulan, kahit walang payong.

Idinalangin niya ng maalab ang mga may karamdaman, hindi mabilang ang mga gumaling mula sa kanilang sakit. Nadama ng mga dumalo at mga manonood sa telebisyon ang pag-ibig ng Diyos dahil sa kanya.


Kinabukasan, Oktubre 13, huling araw na ng krusada, may 1.5 milyong tao ang dumalo. Ibinalita ng pulisya sa gubyerno na may 3 milyong tao ang kabuuan ng mga dumalo sa krusada ng mga Cristiano. Mapayapa ito at walang naaksidente o kahit na anong hindi magandang pangyayari sa loob ng apat na araw.

* * *

▶ Hindi natin maitatanggi na ang kalangitan, ang mundo, at ang lahat ng bagay na narito ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos. Ito'y sapagkat ang Diyos mismo ang lumikha nito. Ano ang Diyos bago naging walang hanggan, bago naganap ang paglikha?

Sinasabi sa 1 Juan 1:5, "At ito ang mensahe na aming narinig sa Kanya at sa inyo'y aming ipinapahayag, na ang Diyos ay liwanag, at sa Kanya'y walang anumang kadiliman." Nabuhay Siya sa anyong kahanga-hanga at napakagandang liwanag. Pinuno nito ang buong sansinukob. Niloloob Niyang makakuha ng mga litrato ang mga miyembro ng Manmin ng mga liwanag na parang 'aurora' na may iba't ibang porma sa mga cell phone nila para madama din nila ang Orihinal Niyang Liwanag. Kapag nakikita nila ang liwanag, lumalaki ang pag-asa nila para sa Bagong Jerusalem. Nagiging masigasig sila sa pananampalataya at sa pagkakaroon ng espirituwal na kalooban.


Isinulat ni Dr. Alvin J. Hwang, Bise Presidente ng WCDN



# “Nahanap Ko ang Iglesyang Tanging Biblia ang Batayan at Nakilala Ko ang Isang Taong Gusto Kong Tularan”

Si Pastor Younggran Park at ang asawa niya
Misyonero Daehyun Kyung

### Pumunta ako sa Estados Unidos para ituloy ang pagmimisyon, pero pakiramdam ko, kulang ang nalalaman ko at nauuhaw pa ang espiritu ko

Nagmula ako sa isang mayamang pamilya, pero habang lumalaki ako, nagdusa ang espiritu ko. May nagdala sa akin sa isang iglesya, tinanggap ko ang Panginoon. Nanaginip ako, sa panaginip, nagsilabasan mula sa katawan ko ang mga demonyo na gumugulo sa akin, lumaya ako mula sa mga pasakit.

Nakilala ko ang Diyos sa ganitong paraan. Magmula noon, bumisita ako sa mga kilalang bahay panalanginan, nanalangin ako ng maalab doon. Samantala, dahil may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu, hindi nawala ang bisyon ko, gusto kong magmisyon.

Noong taong 1996, sa tulong ng mga magulang ko, pumunta ako sa Estados Unidos para mag-aral ng teolohiya. Nakatapos ako ng Master’s Degree sa Pastoral Theology sa Berkeley Graduate Theological Union. Noong taong 2008, itinalaga ako bilang pastor ng isang iglesyang para sa lahat ng denominasyon, naglingkod ako dito sa loob ng pitong taon.

Nasa San Francisco ang iglesyang ito. Matindi ang labanang espirituwal dito, mayroon pang lugar dito para sa mga bakla at tomboy. Ang pastor na naglilingkod sa iglesyang ito ay may doctoral degree mula sa Germany. Mahilig siyang uminom ng beer at magkaraoke sa harapan ng mga miyembro niya.

Habang tumatagal, lalo ako nauhaw para sa mga espirituwal na bagay. Pakiramdam ko, wala akong guro na pwede kong pagkatiwalaan at sundin. Para mapawi ang uhaw ko, nakinig ako sa mga mensahe ng mga kilalang pastor na nasa internet.

### Pinakinggan ko ang mga sermon ni Dr. Jaerock Lee sa internet, naranasan ko ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu

Pinakinggan ko ang sermon ni Dr. Jaerock Lee. Napaiyak ako at nagsisi. Pakiramdam ko nanariwa ang espiritu ko, parang natanggal ang lahat ng dumi sa katawan ko.

Mula Disyembre 2013, pinakinggan na namin ng asawa kong si Misyonero Daehyun Kyung ang mga mensahe ni Dr. Lee. Pinagsisihan namin ang mga kasalanan namin. Sinabi ng asawa ko na gusto niyang maging disipulo ni Dr. Lee.

Pagkaraan ng anim na buwan, nanaginip ang asawa ko. Sa panaginip niya, nakita niya si Dr. Lee, inayos nito ang kurbata niya, at sinabing, “Dapat maayos kang manamit.” Namangha ang asawa ko.

Pagkalipas ng ilang araw, nakakita kami ng bahaghari na nakapaikot sa buwan habang naglalakad-lakad sa aming bakuran. Ngayon lang kami nakakita ng tagpong tulad nito. Inisip namin na ito ay tanda mula sa Diyos na nagpapatunay na totoo ang mga sermon ni Dr. Lee.

Noong taong 2014, pinanood namin sa internet ang video ng krusada ni Dr. Lee sa India noong taong 2002. Mahigit sa tatlong milyong tao ang dumalo, at nakita ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Humanga kami dahil nangyayari pa rin sa kasalukuyan ang makapangyarihang pagkilos na nakita noon.

### Naging Cristiano ang mga biyenan kong Buddhist dahil sa sermon tungkol sa “Ang Mensahe ng Krus”

Nagpunta kami sa bahay ng mga biyenan ko sa Colorado para ibahagi sa kanila ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nagpapatunay ng Salita ng Diyos.

Sumasamba sila kay Buddha, pero pinapanood namin sa kanila ang serye ng sermon ni Dr. Lee tungkol sa “Ang Mensahe ng Krus” sa internet, isinama namin sila sa pagsamba. Sa pagsambang pinanood namin, pinagaling ang isang babaing nasunog ang katawan. Naantig ang damdamin ng biyenan ko, sinabi niya, “May pastor pala dito sa mundo na ganito kagaling!”

Noong panlimang pagsamba na namin kasama sila, nagkwento ang biyenan kong babae tungkol sa panaginip niya. Sinabi niya na may bumagsak na apoy mula sa langit at tinamaan nito ang rebulto ng Buddha na pinaglilingkuran niya. Nahati ito sa dalawa.

Hindi nagtagumpay ang templong pinupunthan nila sa loob ng 15 taon, lumipat ito sa ibang estado. Sa bandang huli, sinunog nila ang mga kasulatan at rosaryo ng mga Buddhist, tinanggap nila ang Panginoon. Hallelujah!

### Bumisita kami sa Korea para sa aming ‘Sabbatical year’, sinimulan namin ang bagong buhay ng pagpapakabanal

Pinakinggan namin sa U.S. ang mga sermon ni Dr. Lee sa loob ng dalawang taon. Marami kaming nalaman at natutuhan, itinanim namin ang mga ito sa puso namin. Isa na dito ay ang panahong ginugugol ni Dr. Lee sa pag-aayuno at pananalangin ng may luha na higit pa sa panahong kumakain o natutulog siya.

Sinuri ko ang sarili ko bilang isang pastor, kung sapat na ba ang pagmamahal ko sa mga kaluluwa, lubos akong nagsisi. Habang nananalangin ako, lumaki ang pagmamahal ko para sa Diyos at mga kaluluwa. Inaasahan ko ang Bagong Jerusalem.

Ang isa pang bagay na natanto ko ay ang direksyon tungkol sa pagmimisyon ko. Dapat muna tayong magpakabanal bago natin harapin ang mga programa ng iglesya na pinaplano ng tao. Matatanggap natin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu at makakapagpatotoo tungkol kay Jesu-Cristo sa espirituwal na paraan kung magpapakabanal muna tayo.

Matagal ko ng idinalangin ang hangarin kong ilaan ang buhay ko sa pandaigdigang pagmimisyon. Sa tuwing idinadalangin ko ito, hinahaplos ng Banal na Espiritu ang puso ko para ipaalam sa akin na malapit ng dumating ang Panginoon. Batid ko na ngayon na ang mabilis na paraan para makapagmisyon ay magkaroon ng banal na kalooban.

Sa bandang huli, nagdesisyon kami na magpunta sa Manmin Central Church sa Korea. Noong Pebrero 2015, dumating kami doon. Pinanariwa namin ang espiritu namin sa Salita at pananalangin. Pinagsikapan namin na maging karapat-dapat sa mata ng Diyos.

Maraming iglesya ngayon ang hindi na maka-Diyos. Ang Manmin Central Church ay nangangaral batay sa Biblia. Nakikita at nagaganap dito ang kapangyarihan ng Diyos at ng Banal na Espiritu. Masayang-masaya kaming dalawa ng asawa ko, bilang pastor at misyonero dahil may tunay na pastol na dapat naming tularan at sundin. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay namin sa Diyos na pumapatnubay sa amin nang may dakilang pag-ibig.

{ Ang Mensahe ng Krus }




Paano nilalang ang tao?
Bakit si Jesu-Cristo ang Tanging Tagapagligtas ng sangkatauhan?

Ang nakakaantig ng damdaming mensahe, gigisingin nito ang hindi mabilang na kaluluwa sa buong mundo!

Ang tunay na pag-ibig ng Diyos na nakapaloob sa krus
TEL. 82-70-8240-2075
URIM BOOKS

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714